DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
13219
By: Date:

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON

CLMD-RM-2023-476

09 Agosto 2023

Panrehiyunal na Memorandum
No.476 s.2023

PANAWAGAN SA PAGLAHOK SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA

Sa **Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay**

1. Ang Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o Bureau of Curriculum Development (BCD) ay magsasagawa ng paligsahan sa pagsulat ng sanaysay at pagsulat ng malayang tula bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 na may temang Filipino at mga Wikang Katutubo: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan.

2. Layunin ng paligsahang ito na:
   a. mabigyang pagkilala ang natatanging kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral at guro sa pagsulat;
   b. mapili at mabigyang parangal ang mga orihinal na akda ng mga mag-aaral at guro sa pagsulat ng sanaysay at malayang tula;
   c. makita ang bisa ng kurikulum sa pagtuturo at pagkatuto ng wika
   d. mapaigting ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga akdang pampanitikan; at
   e. makapangalap ng mga akda na magagamit bilang suplemental na mga babasahin.

3. Tanging ang pansangay na tagamasid sa Filipino lamang ang magpapasa ng isa (1) hanggang limang (5) entri ayon sa nais salihan.

4. Isusumite ang mga *soft copy* na dokumento at entri ng rehiyon sa **ika-16 ng Agosto 2023**, hanggang **8:00 ng umaga**, sa nakatalagang link sa bawat dibisyon:

Pagsulat ng Sanaysay	Dibisyon	Link
Baitang 4-6	A	https://bit.ly/R4ASanaysayBaitang46
Baitang 7-10	B	https://bit.ly/R4ASanaysayBaitang7-10
Baitang 11-12	C	https://bit.ly/R4ASanaysayBaitang11-12
Mga Guro na nagtuturo ng Filipino	D	https://bit.ly/R4ASanaysayGuroFilipino
Pagsulat ng Tula	**Dibisyon**	**Link**
Baitang 4-6	A	https://bit.ly/R4ATulaBaitang4-6
Baitang 7-10	B	https://bit.ly/R4ATulaBaitang7-10
Baitang 11-12	C	https://bit.ly/R4ATulaBaitang11-12
Mga Guro na nagtuturo ng Filipino	D	https://bit.ly/R4ATulaGuroFilipino

Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal
Telephone Nos.: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
Email Address: region4a@deped.gov.ph
Website: depedcalabarzon.ph

Certificate No. PHP QMS 22 93 0085

5. Awtomatiko nang isasara ang *submission link* para sa paghinto ng pagtanggap ng mga lahok.

6. Lakip ng memorandum na ito ang kabuoang pamantayan kaugnay sa nasabing panawagan.

7. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto sa telepono blg. (02) 8681-7249 local 420.

8. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO II
Panrehiyong Direktor

Cc: 02/Roc2